Mensahe Dalawa

# Si Kristo bilang ang Tagapagpalaya at bilang Isa Na Gumagawa sa Atin na Higit na Nakapananagumpay

Babasahin sa Kasulatan: Roma 8:2, 31-39

**I. Mararanasan, matatamasa, at maihahayag natin si Kristo bilang ating Tagapagpalaya sa pamamagitan ng kautusan ng Espiritu ng buhay—Roma 8:2:**

A. Ang pagtatamasa sa kautusan ng Espiritu ng buhay sa Roma 8 ay naghahatid sa atin tungo sa realidad ng Katawan ni Kristo sa Roma 12; gumagawa ang kautusang ito sa loob natin habang namumuhay tayo sa Katawan at para sa Katawan—8:2, 28-29; 12:1-2, 11; Fil. 1:19.

B. Bawat buhay ay may kautusan at isang kautusan pa nga; ang buhay ng Diyos ang pinakamataas na buhay, at ang kautusan ng buhay na ito ang pinakamataas na kautusan—cf. Juan 1:4-5; 12:24; 14:6a; 10:10b; 1 Cor. 15:45b.

C. Ang Tres-unong Diyos ay naproseso sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, pagkapako sa krus, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit upang maging kautusan ng Espiritu ng buhay na inilagay sa ating espiritu bilang isang "siyentipikong" kautusan, isang awtomatikong prinsipyo; ito ang isa sa mga pinakamalaking pagkatuklas, mga pagbabawi pa nga, sa ekonomiya ng Diyos—Roma 8:2-3, 11, 34, 16.

D. Ang kautusan ng Espiritu ng buhay ay ang kusang kapangyarihan ng dibinong buhay; ito ang natural na katangian at ang likas, awtomatikong pangsyon ng dibinong buhay—b. 2; Fil. 2:13; Ezek. 36:26-27; Kaw. 30:18-19; Isa. 40:28-31; Heb. 12:2a; Fil. 4:13; Col. 1:28-29.

E. Habang nananatili tayong hinihipo ang Panginoon, nananatiling nakikipag-ugnayan sa Panginoon, ang kautusan ng Espiritu ng buhay ay gumagawa nang awtomatiko, kusa, at walang kahirap-hirap:

1. Kailangan nating huminto mula sa ating sariling pagsisikap at pagpupunyagi—Gal. 2:20a; Roma 7:15-20:

   a. Kung hindi natin nakita na ang kasalanan ay isang kautusan at na hinding-hindi madaraig ng ating pagpapasya ang kautusang ito, makukulong tayo sa Roma 7; hinding-hindi tayo makararating sa Roma 8.

   b. Nagnais si Pablo nang muli't muli, ngunit ang resulta ay paulit-ulit lamang na kabiguan; ang pinakamagagawa lamang ng isang tao ay ang gumawa ng mga resolusyon—7:18.

   c. Kapag ang kasalanan ay tulog sa loob natin, kasalanan lamang ito, ngunit kapag ito ay napukaw sa atin sa pamamagitan ng ating pagnanais na gawin ang mabuti, ito ay nagiging "ang masama"—"Nasusumpungan ko nga ang kautusan, sa akin na nagnanais gumawa ng mabuti, dahil ang masama ay narito sa akin"—b. 21.

   d. Sa halip na magnais, dapat nating ituon ang ating kaisipan sa espiritu at lumakad ayon sa espiritu—8:6, 4; Fil. 2:13.

2. Kailangan nating makipagtulungan sa naninirahan sa loob, inilagay, awtomatiko, at gumagawa sa loob na Diyos sa pamamagitan ng panalangin at sa pamamagitan ng pagkakaroon ng espiritu ng pagdepende, sa gayon ay pinananatili ang ating pakikipagsalamuha sa Panginoon ng buhay at sa Panginoon ng gawain—1 Tes. 5:17; Efe. 6:17-18.
3. Kailangan nating pahalagahan ang pandama ng buhay sa ating espiritu upang manatili sa salamuha ng buhay, sa daloy ng buhay, para sa paggawa ng kautusan ng Espiritu ng buhay—Roma 8:6, 16; 1 Juan 1:2-3, 6-7.

F. Ang pinakasusi sa ating pamumuhay at paglilingkod sa Katawan ni Kristo ay ang kautusan ng Espiritu ng buhay, na gumagawa sa loob natin:
1. Ginagawa tayong Diyos sa buhay, kalikasan, at kahayagan ng kautusan ng Espiritu ng buhay subalit hindi sa pagka-Diyos, inihuhubog tayo tungo sa larawan ng panganay na Anak ng Diyos upang tayo ay maging Kanyang sama-samang kahayagan—Roma 8:2, 29.
2. Binubuo tayong mga sangkap ng Katawan ni Kristo ng kautusan ng Espiritu ng buhay kalakip ang lahat ng uri ng pangsyon—Efe. 4:11-12, 16.

G. Maaari tayong makipagtulungan sa gumagawa sa loob na Tres-unong Diyos bilang kautusan ng Espiritu ng buhay sa pamamagitan ng “pagsuwits” sa kautusang ito sa mga sumusunod na paraan:
1. Kailangan nating lumakad ayon sa espiritu—mamuhay sa loob ng espiritu—Roma 8:4, cf. Awit 23:3:
   a. Ang lihim ng pagdaranas kay Kristo ay ang maging nasa loob ng Isa na nagpapalakas sa atin na magawa ang lahat ng bagay, at ang lihim ng pagiging nasa loob Niya ay ang maging nasa ating espritu—Fil. 4:12-13, 23.
   b. Ang praktikalidad ng pamumuhay kay Kristo ay ang mamuhay tayo sa loob ng ating espiritu; binibigyang-diin ni apostol Pablo sa aklat ng Roma na anuman tayo (2:29; 8:5-6, 9), anuman ang mayroon tayo (bb. 10, 16), at anuman ang ginagawa natin tungo sa Diyos (1:9; 7:6; 8:4, 13; 12:11) ay dapat maging nasa ating espiritu:
      1) Upang makapamuhay sa ating espiritu, kailangan nating maglaan ng panahon na tingnan ang Panginoon, nananalangin upang makasalamuha si Hesus, magbabad sa Kanyang mukha, upang matigmakan ng Kanyang kagandahan, at isinag ang Kanyang kaekselentehan—2 Cor. 3:16, 18; Awit 27:4; cf. Mat. 6:6; 14:23; Exo. 33:11a; 34:4, talâ 2.
      2) Upang makapamuhay sa ating espiritu, kailangan nating manalangin nang walang patid—1 Tes. 5:17; cf. Juan 20:22; Panag. 3:55-56; Roma 10:12-13.
      3) Upang makapamuhay sa ating espiritu, kailangan nating manatili sa salamuha ng dibinong buhay upang makalakad sa dibinong liwanag—1 Juan 1:2-3, 6-7.
2. Maaari tayong magtuon sa mga bagay ng Espiritu—itinutuon ang ating kaisipan sa espiritu—Roma 8:5-6:

a. Kailangan nating ingatan ang ating espiritu, binibigyang-pansin ang pandama ng ating espiritu, upang hindi mapighati ang Espiritu at hindi mapatay ang ningas ng Espiritu—Mal. 2:15-16; Efe. 4:30; 1 Tes. 5:19.

b. Maitutuon natin ang ating kaisipan sa espiritu sa pamamagitan ng pagtutuon ng ating kaisipan sa mga salita ng Diyos, na siyang espiritu at buhay—Juan 6:63; Isa. 55:8-11.

c. Ang ituon ang ating kaisipan sa espiritu, ang magtuon sa mga bagay ng Espiritu, ay ang maging kaisa rin ng Panginoon na pangalagaan ang ekklesia kasama ang lahat ng banal sa mga panloob na bahagi ni Kristo Hesus—Fil. 2:21; 1:8.

3. Mailalagay natin sa kamatayan ang mga gawa ng ating katawan sa pamamagitan ng Espiritu —Roma 8:13; Zac. 4:6; Gal. 5:16:

a. Dapat nating pahintulutan ang Espiritu na manahan at manirahan sa ating panloob na katauhan—Roma 8:9, 11.

b. Kailangan nating manatili sa buhay-ekklesia, kung saan dinudurog ng Diyos ng kapayapaan si Satanas sa ilalim ng ating mga paa—16:20; 12:1-2, 11.

4. Maaari tayong mapangunahan ng Espiritu bilang mga anak ng Diyos—8:14:

a. Ang mapangunahan ng Espiritu ay ang pangalagaan ang panloob na pagpapahid, ang pagkilos at paggawa ng naninirahan sa loob na timpladang Espiritu—1 Juan 2:20, 27.

b. Ang mapangunahan ng Espiritu ay ang magpahalaga sa kapahingahan sa ating espiritu, napangungunahan bilang isang bihag sa parada ng tagumpay ni Kristo—2 Cor. 2:12-14; 7:5-6.

5. Maaari tayong tumawag sa Ama sa loob ng espiritu ng pagkaanak—Roma 8:15; Gal. 4:6:

a. Kapag tumatawag tayo ng “Abba, Ama!” (Roma 8:15), “ang Espiritu Mismo ang sumasaksi kasama ng ating espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos” (b. 16).

b. Ang tumawag ng “Abba, Ama!” ay nagpapahayag ng katamisan ng ating matalik na relasyon sa ating Diyos—cf. Mat. 18:3.

6. Maaari tayong humibik sa namamagitang Espiritu para sa ating ganap na pagkaanak, na siyang katubusan ng ating katawan—Roma 8:23, 26-27:

a. Sa ating paghibik ay humihibik din ang Espiritu, namamagitan para sa atin.

b. Ang namamagitang Espiritu ay nananalangin para sa atin upang maiwangis tayo sa larawan ni Kristo bilang panganay na Anak ng Diyos—bb. 28-29.

**II. Mararanasan, matatamasa, at maihahayag natin si Kristo bilang Isa na gumagawa sa atin na higit na nakapananagumpay—b. 37:**

A. Maaari nating ibigin ang Diyos at mapilit, matakdaan, maudyukan, mapasuko, mahikayat, at maitulak sa pamamagitan ng pag-ibig ni Kristo upang higit na makapanagumpay sa lahat ng bagay—bb. 31-39:

1. Sa pamamagitan ng pag-ibig sa Diyos, tayo ay nakikilahok sa lahat ng kayamanan na nakapaloob sa Diyos—1 Cor. 2:9-10; cf. 2 Tim. 3:2-4.
2. Kailangan tayong mapilit ng pag-ibig ni Kristo na ibigin ang Diyos at ang mga banal sa pamamagitan ni Kristo bilang ating pag-ibig—2 Cor. 5:14.

B. "Kung ang Diyos ay para sa atin, sino ang magiging laban sa atin?"—Roma 8:31; Jer. 31:31-34; Heb. 8:8-10:
1. "Ako'y gagawa sa kanila ng isang walang hanggang tipan, at hindi Ako hihiwalay sa kanila upang gawan sila ng mabuti; at ilalagay Ko sa kanilang puso ang pagkatakot sa Akin, upang huwag silang humiwalay sa Akin. Ako'y magagalak sa kanila na gawan Ko sila ng mabuti, at sa katapatan ay itatanim Ko sila sa lupaing ito nang Aking buong puso at buong kaluluwa"—Jer. 32:40-41.
2. Ang walang hanggang tipang ito ay ang bagong tipan; sa pamamagitan ng tipan na ito kaya hindi tayo tatalikuran ng Diyos at itatanim tayo kay Kristo, ang ating mabuting lupain, at si Kristo sa lahat ng Kanyang aspekto ay mabibili natin, yaon ay, matatamo natin sa pamamagitan ng ating pagbabayad ng halaga upang kalimutan ang mga bagay na nasa likuran at habulin si Kristo—bb. 40-44; Fil. 3:8-14.

C. Ibinibigay ng Diyos nang walang bayad ang lahat ng bagay sa atin kalakip si Kristo; bawat bagay, bawat tao, at bawat sitwasyon ay sa atin, ang mga umiibig sa Kanya, para sa ating pagpapasakdal—Roma 8:28, 32; 1 Cor. 3:21-22.

D. Si Kristo, na namatay para sa atin at naibangon, ay namamagitan para sa atin sa kanang kamay ng Diyos—Roma 8:34:
1. Sa bersikulo 34 si Kristo ay nasa kanang kamay ng Diyos, gayunman sa bersikulo 10 si Kristo ay nasa loob na natin, nasa ating espiritu—2 Tim. 4:22; cf. Juan 1:51; Gen. 28:11-22.
2. Sa Roma 8:34 si Kristo ang namamagitan para sa atin, gayunman sa bersikulo 26 ang Espiritu ang namamagitan para sa atin:
   a. Hindi ito dalawang Tagapamagitan kundi isa, ang Panginoong Espiritu—2 Cor. 3:18.
   b. Namamagitan Siya para sa atin sa magkabilang dulo: sa isang dulo, ito ay ang Espiritung nasa atin, marahil pinasisimulan ang pamamagitan para sa atin; sa kabilang dulo, ito ay ang Panginoong Kristo na nasa kanang kamay ng Diyos, marahil kinukumpleto ang pamamagitan para sa atin, na tiyak na pangunahing upang maiwangis tayo sa Kanyang larawan at madala tungo sa Kanyang kaluwalhatian.

E. Walang pagdurusa, kabilang ang kapighatian, hapis, pag-uusig, kagutuman, kahubaran, panganib, at tabak, ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Kristo—Roma 8:35.

F. Sa lahat ng pagdurusa ay higit pa tayong makapananagumpay sa pamamagitan ni Kristo na umibig sa atin—b. 37:
1. Dahil sa di-nagbabagong pag-ibig ng Diyos para sa atin at sa katunayang naisakatuparan na ni Kristo ang lahat ng bagay alang-alang sa atin, hindi tayo mapipigilan o magagapi ng kapighatian ni ng pag-uusig man; sa halip, sa lahat ng bagay na ito ay higit pa tayong makapananagumpay sa pamamagitan Niya na umibig sa atin.

2. Ang pag-ibig ng Diyos ang pinagmumulan ng Kanyang walang hanggang pagliligtas; ang pag-ibig na ito, kung saan walang makapaghihiwalay sa atin, ay nasa loob ni Kristo at ibinuhos na sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo—bb. 38-39; 5:5; Jer. 31:3.
3. Sa pagliligtas ng Diyos ang pag-ibig ng Diyos ay naging pag-ibig ni Kristo, na gumagawa ng maraming kamangha-manghang bagay para sa atin sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo hanggang sa maisakatuparan ang kumpletong pagliligtas ng Diyos sa atin—Roma 8:35; Hos. 11:4.
4. Pinupukaw ng mga kamangha-manghang bagay na ito ang kaaway ng Diyos upang salakayin tayo ng lahat ng uri ng kalamidad, subalit dahil sa ating pagtugon sa pag-ibig ng Diyos sa loob ni Kristo, ang mga pagsalakay na ito ay naging kapakinabangan sa atin; sa gayon, higit pa tayong nakapana-nagumpay sa lahat ng ating paghihirap at kalamidad—Roma 8:35-37, 28.

*© 2024 Living Stream Ministry*